


Dynamic Prayer Meeting Study Guide (Week 11)¹
PAGPAPAHAYAG NG KASALANAN AT PAGSISISI



Review

- Ano ang unang (#1) ginagawa ng mga taong nagkakatiyon upang manalangin sa Biblia? Nagsisimula sila sa pamamagitan ng _____.
- Ano ang ikalawang (#2) ginagawa nila sa kanilang pagtitipon upang manalangin? Tumutugon sila mula sa _____.

Kailangan ang Paghahanda ng Puso

1. Sa Bibliya, sa mga oras na nais ng Diyos na kumilos sa kanyang mga anak, mayroong mga panahong inihahanda muna niya ang kanilang mga puso. Halimbawa: Sa ministryo ni Juan Bautista (Lucas 1:17, 76; 2:31; 3:4).
2. Bago lumapit sa Diyos sina Aaron at ang kanyang mga anak upang maglingkod o maghandog, kailangan munang sila ay nakahanda (Exodo 30:20-21).
3. Ganoon din sa panalangin. Dapat nakahanda ang puso mo bago ka lumapit sa Diyos sa panalangin.

Kailangan ang Paghingi ng Tawad at Pagsisisi

Ang paghahanda ay ginagawa sa dalawang paraan:

1. *Pagpapahayag ng katotohanan.* Ito ay pagpapahayag ng mga bagay na ipinahayag din ng Diyos tungkol sa isang bagay. Maaaring ito ay patungkol sa isang kasalanan o isang katotohanang biblikal. Halimbawa, Hebreo 11:13 (“ipinahayag” o “kinilala”). Ang pagsasabi ng mga bagay na may kinalaman sa katotohanang ipinapahayag ng Salita ng Diyos ay nakatutulong upang malinis ang ating mga puso at isipan.
2. *Pagpapahayag ng kasalanan.* Ang pagpapahayag ng kasalanan ay nangangahulugang pagsang-ayon sa Diyos patungkol sa sinasabi niya sa katangian ng kasalanan. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon tayo ng lakas ng loob na magsisi sa pamamagitan ng pagbabago ng isip, ng puso, at ng mga gawain o pag-uugali. Ang pagbabagong ito ay nangangahulugan ng pagtalikod sa kasalanan, pagharap muli sa Diyos at muling pagsunod sa kanyang kalooban. Santiago 5:16 (“ipagtapat ang kasalanan sa isa’t isa”); 1 Juan 1:9 (“ipahayag ang kasalanan sa Diyos”).

Ang pagtutuunan natin ngayong gabi ay ang paghahanda ng ating puso sa pamamagitan ng pagpapahayag ng ating kasalanan at paghingi ng tawad.

Oras ng Panalangin

1. Ano ang intensiyon ng Diyos kapag ginigising ka o kinakatok tungkol sa iyong kasalanan? Ayon sa Hebreo 11:6, ito ba ay dahil sa galit ng Diyos kaya pinaparusan tayo o dahil sa pagmamahal niya sa atin kaya dinidisciplina tayo?
2. Bakit ito ay isang pagpapakita ng kabutihan ng Diyos sa atin? Ano sa tingin mo ang mangyayari kung pinabayaan niya tayong maligaw ng landas o magpatuloy sa kasalanan at pagsuway sa kanyang kalooban?
3. Hilingan ang Diyos na siyasatin ang iyong puso. Maglaan ng oras sa pagtugon sa kanya. Maaaring banggitin sa panalangin ang Awit 139:23-24, “Siyasatin mo ako, O Diyos, at alamin mo ang aking puso; subukin mo ako, at alamin mo ang mga pag-iisip ko! At tingnan mo kung may anumang lakad ng kasamaan sa akin, at patnubayan mo ako sa daang walang hanggan” (Ang Biblia).



Ipanalangin ang mga requests mo ngayong gabi.

Para sa isa’t isa	Para sa church	Para sa ibang tao	Para sa mundo

¹ Franklin, John, *Dynamic Prayer Meeting Study Guide*, ©2005 LifeWay Christian Resources, Translated to Filipino by Derick Parfan (Available at http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF_PDF_PrayerMeetingGuide_Franklin.pdf).